

## ANG AWIT BILANG MAKASINING NA PAMAMAHAYAG NG PANLIPUNANG PAGPROTESTA

Don Pagusara

Ang makasining na pagsusulat ay malaki ang naiaambag para sa paglago ng kilusang pambayan na naglalayon ng pagbabago sa lipunan. Ang mga *kuwento* o salaysay bagama't kathang-isip at lalo na kung sinasalamín nito ang mga katotohanang sosyal o dili kaya'y pinitas mula sa mga tunay na karanasan sa buhay ay napakalaki ang nagagawa sa pagmulat ng isipan ng mambabasa. Gayundin ang mga *tula* na bukod sa maganda ang pagkahabi ng diwa't damdaming sinasaad ay tiyak ang mga salitang ginagamit ng makata. Kung ito'y nagsasaad ng mga dakilang mithiin, tulad halimbawa ng mga hangarin at adhikaing mapagpalaya, nakahihikayat sa tao upang kanyang kupkupun ang mga simulaing pinaglalaman ng manunulat na may paninindigan.

Lalong napakalaki ang kahalagahan ng *awit* bilang isang anyo ng artistikong pamamahayag. Nagpapasigla ng taumbayan upang angkinin ang mga mithiin ng kilusang naglalayon ng panlipunang pagbabago. Madaling matamaan ng awit ang pinakapusod ng isipa't damdamin ng tagapakinig sapagkat pinaaagos sa himig ang mga salita, lalung-lalo na kung payak at madaling maunawaan. Sa katunayan, lalong marami ang taong nararating at nakakasagip ng mensahe ng awit kaysa yaong taglay ng ibang anyo ng pagpapahayag. Tiyak na mas epektibo ito kaysa tula at salaysay na kinakailangang basahin munang maigi bago pa man makuha ang mensahe.

### Mga Awiting Makabayan

Ang aking papel na ito'y magtatangkang suriin ang ilang bagay na kagunay sa awit bilang isang uri ng artistikong pamamahayag na may layuning kasangkot sa kilusang pagbabago ng lipunan. Dito'y ilalahad ko ang ilang mahalagang kabuluhan ng awit tungo sa naturang hangarin. At batay sa aking kaunting kakayahan at karanasan sa pag-awit at paglikha ng awit, subukan kong suriin ang mga katangiang taglay ng awit kaalinsabay sa paghahayag ng mga katangiang ito sa pamamagitan ng pag-awit mismo.

Unang-una, ang awit ay maaring maglahad ng mga katotohanan. Nakapagbibigay ito ng mga kabatiran o impormasyon hinggil sa mga kalagayan at suliranin ng bayan. Sa pamamagitan ng awit, nabubunyag ang mga lihim o mga pangyayaring nililihim ng nasa kapangyarihan sa taumbayan. Katulad ng isang pahayagan na tagahatid ng mga pangyayari at batayan ng mga

pangyayaring hindi pa nalalaman, o kung batid na'y hindi pa lubusang naiintindihan ng karamihan ang mga saligang kabuluhan nito.

Kung natatandaan ninyo'y may isang grupo ng mang-aawit sa Maynila na ang bansag sa sarili'y PAHAYAGAN. May mga awitin silang nagsasalaysay ng iba-ibang pangyayari sa iba-ibang dako ng bansa at iniugnay nila ang mga dahilan ng mga pangyayaring ito sa pakikibaka ng taumbayan.

Isang halimbawa ng awit na naglalarawan ng isang katotohanan — sa katunayan, ito ay kamuhi-muhing katotohanan sa ating lipunan — ay nagsasaad nitong sumusunod:

Ang daigdig ko'y isang bilangguan  
Na mandi'y libingan ng buhay  
Matataas na pader at pintuang bakal  
Ang nagpinid ng bukas kong puso

Hangad palibhasang ako'y ilayo  
Sa piling ng mutya kong suyo  
Diwa'y nais kitlin at mata'y bulagin  
Sa paghihirap ng bayang siniphayo. . .

Itò'y bahagi lamang ng awit na pinamagatang *Diwang Walang Takot* na ibinatay sa tula ni Ka Amado Hernandez — nagbubunyag ng isang kasindak-sindak na kalagayan sa ating lipunan, isang kalagayang nakapangingilabot — ang katotohanang marami sa ating kababayan ang pinagtatapon sa bilangguan na ang tanging sala ay dahil sila'y naghahangad na mabago ang isang lipunang mapanlupig at mapang-api.

At kung silipin ang kalagayan ng mga nakabimbin, may karagdagang katotohanang ating masasaksihan: ang mapangdustang kaapihan sa loob, na siyang sinasalaysay ng isa pang awiting nilikha ng mga detenidong pulitikal sa Bicutan at pinamagatang *Panambitan* —

Aral at kasaysayan dito sa Bicutan  
Sa kampo militar, rehabilitation daw  
Bakal ang pintuan, bintana'y rehasan  
Alambreng tinik at bantay sa paligid

Iba't ibang anyo ng mga panggigipit  
Sa kahit walang salang ngayo'y napipiit  
Pinuputol ang tubig, kuripot sa badyet  
Oras na magreklamo, ipit ang dalaw mo.

Marami pang ibang pangyayari sa ating kapaligiran na hindi natin nalalaman. Mga pangyayaring may tumatalsik na dugo't luha, mga pangyayaring kalimita'y nag-iiwan ng amoy ng pulbura, mga pangyayaring nagdadala ng alingawngaw ng punglo. Subalit mga pangyayari itong malimit hindi nakikita, hindi naaamoy, at hindi naririnig, sapagkat napipiringan ng mga linlang ang ating mga mata, at may busal na sinungaling ang ating ilong at mga taynga. Mga pangyayaring kagaya nitong kinukuwento ng awit na pinamagatang *Halina* –

Si Lina ay isang magandang dalaga  
Panggabi sa isang pabrika ng tela  
Sumali sa unyon, sumama sa welga  
Biglang nagkagulo, nawala si Lina  
Nang muling makita, hubad at patay na.  
Halina, halina  
Damitan ang bangkay at sa ating puso  
Hayaang humimlay si Lina.

Isang magsasaka si Pedrong Pilapil  
Walang kaulayaw kundi ang bukirin  
Ngunit isang araw, may biglang dumating  
Ang saka ni Pedro'y kanilang inangkin  
Tumutol si Pedro, siya'y binaril  
Halina, halina  
At sa ating puso'y hayaang maghasik  
Ng punla si Pedrong Pilapil.

Si Aling Maria, doon nakatira  
Sa tabi ng isang bundok na basura  
Ngunit isang araw, binuldoser sila  
Sapagkat darating ang mga turista  
Nawalan ng bahay ang isang pamilya.  
Halina, halina  
At sa ating puso, ipagtayo ng tahanan  
Sina Aling Maria.

Napakaraming mga katotohanang maaaring ilahad sa pamamagitan ng awit at maipararating sa mamamayan sa pamamagitan ng mga konsiyerto at iba pang uri ng mga palabas. Ang awit na *Dambuhala sa Morong* ay nagpapa-alala sa ating ng plantang nukleyar na pilit itinayo ng gobyerno doon sa Morong, Bataan sa kabila ng mga pagtutol ng maraming mamamayan. Ang

awit na ito ay naghihimok din sa mamamayan upang labanan itong di-makatarungan at mapanganib na proyekto ng pamahalaan.

Isa pang kapakinabangang panlipunan ng awit ay ang kahalagahan nito para sa pagpukaw ng damdamin ng bayan. Sa pamamagitan ng angkop, payak at madaling unawaing pahayag, ang mensaheng nagtataglay ng hangaring pukawin ang mga tao upang kumilos ay mas malamang kaysa hindi na makarating talaga sa puso ng kinauukulan. Lalo na kung ang himig ng awit ay naaayon sa hangad na pagkilos — masigla at nakakabuhay ng diwa sa pakikibaka.

Sa puntong ito, ang mga rebolusyonaryong awitin ang pinaka-maninging na halimbawa na ang karamihan ay nagtataglay ng maalab na damdamin at mapanlabang diwa. Kalimita'y sinisimulan ang awit ng pakikibaka sa pag-sambit ng mga pagdurusa, mga kapighatian na tumatalunton sa *minor key*. Tapos, ito'y magpapalit ng tempo, biglang papasok ang andante o masiglang ritmona nakasakay na sa *major key* — maliksi, nakakabuhay ng dugo at purnipintig sa marsiyal na tempo. Bukod pa rito, lagi itong nananawagan sa isang rebolusyonaryong gawain o mapanlabang aksiyon. Ganito ang *Huwad na Kalayaan*:

May kalayaan ba kung bayan ay dumaraing sa hirap  
Kung kayamanan ay hawak ng dayuhan at masa ay salat  
Kung manggagawa ay dusta at magsasaka ay inaapi  
Huwad, sadyang huwad ang kalayaan kung ang bayan ay ganyan.

May kalayaan ba kung bayan ay may gapos sa kamay  
Kung ang katotohanan at katarunga'y nilulupig  
Laksang nagtatanggol ay pinarurusahan at inuusig  
Huwad, sadyang huwad ang kalayaan kung ang bayan ay gahyan.

KORO: Gapos ay lagutin, kamao ay itaas  
Laya nati'y itindig at ipagtanggol  
Hirap ay lunasan, ang pang-aapi ay wakasan  
Ang bayan ay ipaglaban  
Ang bayan ay ipaglaban.

Ganito rin ang *Diwang Walang Takot* — ang unang bahagi nito ay nabanggit na natin sa unahan: malungkot, nakakaawa ang larawang dinidibuho na nilalagay sa *minor key*. Ngunit ang lungkot at pagdurusang nilalarawan ay lumilikha ng igting sa pakiramdam kagaya ng gomang banat na banat, at inaasahan mong iigkas ang indayog tungo sa maliksing ritmo sabay ng paglipat ng himig sa *major key*. Ganap na kaisahan ng larawan — diwa at ng

anyo: mula sa pagdaraing sa unang bahagi, biglang lulundag sa mapanlabang tempo sa pangalawang bahagi. . .

Ngunit yaring diwa'y walang takot  
Sa manlulupig at mapag-imbot  
Mga landas tungo sa kalayaan (kanayunan)  
Ay laging matamang susundan  
Mga bakas at payak na iniwan  
Magsisilbing aral sa bukas  
Ang kahirapan at luhang (dugong) papatak  
Alay lahat sa tagumpay.

Marahil isa na sa mahalagang kapakinabangan ng awit nitong ating panahon ay ang maging kasangkapan ito sa paghasik ng pagsintang makabayan sa mga puso ng mamamayan. Wala nang higit pang dakila kaysa pag-ibig sa lupang tinubuan. At kung ang awit ang siyang magiging hagdanan upang maitaas ang isipa't damdamin ng taumbayan tungo sa mas marubdob na pagmamahal sa lupang sinilangan, karapat-dapat lamang na mapaglaanan ng masusing pansin ang ganitong uri ng awit. Ang mga awit na *Bayan Ko*, *Pag-ibig sa Tinubuang Lupa*, *Bayang Minamahal*, *Mutya*, at iba pang may kaparehong diwa, ay ilang halimbawa ng ganitong uri ng awiting nagsisilbing pampaningas sa mithiing makabayan, at nang mananatiling maalab ang pakikipaglaban alang-alang sa kalayaan, katarungan at demokrasya ng bayan.

Kung minsan, ang awit ay nagtatahi ng panuntunan sa pag-iisip at pagkilos; naghahabi ng pilosopiya o pananaw sa buhay. Sa iilang salita lamang maaaring maipasok sa isang awit ang ubod ng isang pananaw na nakakatulong sa sambayanan ng pamamaraan ng paglutas ng mga suliranin o pagharap ng mga isyu. Kahawig nito ang tagdan-diwa nitong awit na pina-magatang *Ugat ng mga Dahilan*:

Kung ang iyong hanap ay katotohanan  
Huwag tumingala sa langit  
Tumingin sa kapaligiran  
At doon mo hanapin  
Ang mga hibla ng kasagutan

Ang lahat ng bagay sa ibabaw ng daigdig  
Ay may dahilan  
Lahat ng pangyayari't pagbabago  
Ay may katuwiran

Tulad ng pamumukadkad  
Ng mga bulaklak sa parang  
Tulad ng taib at hibas ng dagat  
Tulad ng mga suliranin sa buhay  
May ugat sa puso ng lipunan

Suriin sa kasaysayan  
Ang tunay na kadahilanan  
At doon natutuklasan  
Kung bakit makatarungan  
Ang makialam at makilaban.

Ang kasalukuyang kapanahunan ay maihalintulad sa isang napakadilim na gabi na kung saan nalalagay sa katakut-takot na pagsubok ang ating paninindigan. Bawat yugto sa landas na ating dinadaan tayo ay minumulto ng takot na nagpapaduwag sa atin, nagpapalamig ng ating panata sa katubusan. Ang mga galamay ng malupit na gabi ng ating kasaysayan ay laging nanliligalig sa atin upang tayo'y mawalan ng pag-asa sa kinabukasan. Kung kaya't kinakailangan ang walang tigil na sigasig at sigla, ang mananatiling tapat sa panata sa kalayaan. Kailangan nati'y matibay na tagdan ng pag-asa na sa mga sandaling nangahihina ang pananalig, ating mahahawakan upang ipagpatuloy ang paglabay tungo sa madaling araw. Dito isinilang ang awit ng *Banag-banag* (Bukang Liwayway) — liwayway ng pag-asa, liwayway ng tagumpay, liwayway ng katubusan mula sa maitim na gabi ng hirap at dusa.

Masdan ang araw sa takipsilim  
May kulay ng dugo ang gumagapang na dilim  
Masdan ang bayan sa kanyang gabi  
May bukid ng dugo ang lupang kayumanggi

Kay haba ng gabing ating susuungin  
Kay haba ng landas na ating tatahakin  
Sa dulo ng pangarap  
May langit na bughaw  
Ang mukha ng Silangan  
May ngiti ng liwanag  
Sisikat ang araw  
Sing ningning ng ginto  
Magbubukang-liwayway  
Ang bagong umaga.  
Darating ang pangako  
Ng bagong bukas.

Tiyak, marami pa tayong maiisip na ibang makabuluhang birtud ng awit. Ang mga sinalaysay ko ay ilan lang sa pinakamahalaga. At ang mga halimbawang aking pinarinig ay mga awiting orihinal o sariling likha pati na ang himig na pinagtatahi sa mga taludtod ng awit, at gayundin ang porma at estilo (maliban na lang sa *Panambitan* na ang himig nito'y napulot mula sa mga kantang naging popular noong kapanahunan ni Fred Panopio, sirka 1960; at sa katunayan, may mas naunang bersiyon nito na gawa ng mga preso sa Muntinglupa at pinamagatang *Cosmeng (Pilipit)*. Subalit hindi mai-kaila na kahit pa man sa pagiging orihinal ng mga awiting, ito'y mapupuna ang mga impluwensiya mula sa tradisyunal na awitin ng ating lahi, tulad ng kundiman. Ngunit hindi na ako mangangahas pa sa pagsuri sa mga impluwensiyang nabanggit, iya'y ibang paksain.

### **Mga Katutubong Awiting Pambayan**

Mayroong mayamang bukal ng mga anyo at estilo ng awit na hindi pa gaanong nalilintang ni nabigyang sapat na pagpapahalaga ng mga tagalikha ng awit pamprotesta. Ito'y ang mga katutubong awiting pambayan (native folk songs). Dapat maisa-alang-alang na ang mga awit pambayan ay malapit na malapit sa damdami't kaluluwa ng nakararaming bahagi ng ating sambayanan, lalo na ng naninirahan sa kanayunan at kabundukan. Maalaala natin na ang pinakamalaking dahilan kung bakit pumailan si Yoyoy Villame sa pagiging pinaka-papular na mang-aawit sa buong kabisayaan at Mindanao ay dahil binuhay muli niya ang mga sinaunang awiting pambayan na ibinaon sa limot, bunga ng nagdagsaang mga awiting banyaga. Pinagsikapan niyang maghabi ng mga kontemporaryong taludtod at kanyang inilapat sa mga himig na dati ng yari. Sa puntong ito'y sumasaludo tayo sa kanyang napa-ka malikhaing kakayahan.

Isang magandang halimbawa ang pinakitang kakayahan ni Yoyoy sa paggamit ng mga lumang awit pambayan. Kung sabihing bangkarote naman ang kanyang mga awit sapagkat hubad sa mga komentaryong sosyal, dapat palang pasiglahin natin ang ating sarili upang lumikha ng ating sariling mga *parodya* (nakakatawang imitasyon) na may nilalamang umaayon sa ating mga hangarin. Maari rin sabihing komiko ang pangunahing elemento ng kanyang mga kanta. Subalit huwag nating kalilimutan na ito ang madaling nakakahuli ng kasiyahan at interes ng madlangbayan. Hindi ba't si Marcelo H. del Pilar ay gumamit din ng pinaka-palasad na porma ng literatura sa kanyang propaganda laban sa mga Kastila? Hindi ba't ang mga asal na memoryadong memoryado ng lahat ang ginawa niyang behikulo sa kanyang panunuligsa sa mga prayle? Di ba't ang pasyon ay ginamit din niya ng sandata na siyang

pinaglamnan ng kanyang mga *satire* o panguuyam sa mga dayuhang kolonyalista?

Sa kasalukuyang panahon, kailangan din natin ang matatalim na sandata ng dila at pluma alang-alang sa ikalalago ng propaganda para sa panlipunang pagtatago. Kailangan nating mabunyag ang mga katiwalian at kabulukan ng kasalukuyang kaayusan sa lipunan. Kailangan natin ng mga bagong Marcelo del Pilar. Sa palagay ko, ang satirikal na estilo ang siyang angkop na angkop sa porma ng mga awiting pambayan. Kung mapapalitan natin ang laman nito sa pinaka artistikong pamamaraan at teknik, malaki ang maitutulong nito sa paghubog ng opinyon at pananaw ng taumbayan hinggil sa mga pangyayari sa ating lipunan. Sa gayon ay maipinta mo ang katawa-tawang larawan ng mga kaaway ng bayan, at makintal sa kanilang isipa't gunita ang mga larawang ito bilang repleksiyon ng panlulupig at pang-aapi sa sambayanan.

Kung tulutan ninyo, nais ko sanang ipaparinig ang ilan sa mga sariling likhang *parodya* ng ilang awiting pambayang palasak na palasak sa ating karanasan at kultura bilang Pilipino. Isa na rito ang aking sariling bersiyon sa awit ni Yoyoy, yaong tungkol kay Magellan.

### MGA AWIT SA KASAYSAYAN

- |   |  |
|---|--|
| <p>1. On September 21 nineteen 72<br/>When Apo Ferdie declared martial law<br/>Thousands were invited and made to<br/>vacation<br/>In detention centers throughout the<br/>nation<br/><br/>Proclamation Number Ten Eighty One<br/>Installed a dictator in Malacañang<br/>Wen manong wen but where are we going<br/>With your martial that is smiling<br/>smiling<br/><br/>According to Madam your lovely lovely<br/>wife<br/>We're neither north nor south neither<br/>left nor right<br/>We cannot understand this joking you<br/>have done<br/>Pamulenawen lomlom tayo ti utang</p> | <p>2. Foreign investors are very happy<br/>Exploiting our national patrimony<br/>And multinationals quickly sprouting<br/>While U.S. Bases are closely guarding<br/><br/>Filipinos are now squatters<br/>While suffering prices higher higher<br/>Their human rights are brutalized<br/>By military very wildst<br/><br/>But the people got so mad<br/>'Cause martial law is very bad<br/>The opposition intensified<br/>And Apo Ferdie cried and cried:<br/><br/>O my Imeldy I am sick<br/>Please call Uncle Sam very quick<br/>Uncle Uncle shall I die<br/>No, my Tuta, do not cry. . .!</p> |
|---|--|



## HENESIS

(Ang Sinugdanan sa Tanang Kalisdanan)

1. Si Adan ug si Eba  
Sa wala pa ang Kastila  
Wala silang problema  
Buhay nila'y masagana  
Ang ilang pinuy-anan  
Paraiso sa Silangan.
2. Apan usa ka adlaw  
Miabot ang mga langyaw  
Miyurakan ang puri  
Ng ina ng ating lahi  
Ginawang mga alipin  
Ang unang magulang natin
3. Kayat ang nagyari  
Galit ang mga anaklahi  
Sila'y naghimagsikan  
Sa mga Kastilang sukaban  
Sila'y nakipag-away  
At nakamtan ang tagumpay
4. Apan may laing langyaw  
Angkadaugan giagaw  
Masahol pa sa Kastila  
Ang Kanong imperyalista  
Uli on lang gihapon  
Ang kaliwat nga tabunon
5. Busa mga igsuon  
Ang kaisipan lig-onon  
Dili kita patonto  
Sa manlilinlang na Merkano  
Maoy paminawon  
Kababayang Makinasudnon  
Bathala Bathala  
Huwag ipaubaya  
Ang yaman ng bansa  
Sa mga imperyalista.

## TSISMISAN

- |    |  |  |
|----|--|--|
| 1. | Ay Madam, Ay Madam pamatia<br>Ang tsismis ang tsismis<br>sa kusina<br>Kon dili kon dili pamation<br>Mokaylap ang sunog<br>sa tibuok nasyon!    | Tuta kamong tanan<br>Ay pastilan nganong gituyoan  |
|    | Ay Ferdie ay Ferdie paminawa<br>Ang tsismis ang tsismis<br>sa kalsada<br>Kon dili kon dili paminawon<br>Mobuto morag bolkan<br>ang rebolusyon! | Unsa kahay dangatan<br>Ning mga katutaan<br>Purya bayaaaag!<br>ang mga buyag<br>agta ray nasayud<br>Ay pastilan nganong gituyoan |
| 2. | Tuta si Tatay mo<br>Tuta si Nanay mo<br>Nan kay anak ka man  | Unsa kahay dangatan<br>Ning mga katutaan<br>Purya gabaaaa!<br>Ang mga gaba<br>Di ra ba magsaba<br>Ay pastilan nganong gituyoan   |

## DANDANSOY

- |    |   |    |   |
|----|---|----|---|
|    | Dandansoy inom tuba Laloy<br>Dili ako inom tuba kisum-kisum   | 3. | Dandansoy inom tuba Makoy<br>Dili ako inom tuba kisum-kisum<br>Ang saki sa Hapon<br>Lami kaayong suyopon<br>Saging nga Cavendish<br>ang pulutan ! |
| 1. | Dandansoy inom tuba Makoy<br>Dili ako inom tuba kisum-kisum<br>Ang whiskey ni Uncle Sam<br>Maoy akong kinaham<br>Lami kaayong malasing<br>sa kapangyarihan! | 4. | Dandansoy inom tuba Laloy<br>Dili ako inom tuba kisum-kisum<br>Ang tuba sa Midsayap<br>Maoy labing masarap<br>Daghang karanasan<br>nga sumsuman!  |
| 2. | Dandansoy inom tuba Makoy<br>Dili ako inom tuba kisum-kisum<br>Ang brandy ni Madam<br>Maoy akong kinaham<br>Sa IMG pa inutang<br>sinong magbabayad?         |    |   |